Literature and Society
Stories and Poetry
2025 Volume 1 Issue 1

# Alon

*Mabel D. Buen, MAEd, LPT*
*Assistant Professor I, Sorsogon State University, Sorsogon City, 4700*
*Corresponding email: duka.mabel@sorsu.edu.ph*

Minsan, ayaw mo nang damhin ang bigat,
ang pagod na sa puso'y kumakagat.
Akala mo'y manhid ka na sa lungkot,
at paulit-ulit na kirot
ng bawat pagsubok na walang luwag.

Ganoon pa rin—kahit sigaw ay buo,
ang alon ay tuloy sa pagdaloy nito.
Sumasamo't humahampas sa damdamin,
binubura ang pag-asang kay hirap kunin
kahit anong ulit at gigil.

Sa bawat araw na ikaw ay gigising,
tanong mo sa sarili'y:
"Hanggang kailan pa ang ganitong gising?"
Habang ang alon ay muling nananabik,
na ikaw ay igupo nang walang patid.

Ngunit patuloy ka pa rin sa pagtindig,
umaasa sa alon na may dalang pag-ibig.
Baka sa hampas ay may lihim na lunas,
baka sa agos ay may bagong bukas,
na sa puso mo'y muling magpapaliglig.

Mananatili ka, hindi dahil sa lakas,
kundi sa pangakong bukas ay mas maliwanag.

Baka bukas, marunong nang magbilang ang mga bata,
marunong nang bumasa at bumuo ng pangarap,
at sa bawat alon, may batang di na malulunod sa hirap.

***ARTICLE DETAILS***
*LS-000013; Received: August 26, 2025; Accepted: August 28, 2025; Published: August 30, 2025*
***CITATION:***
*Buen, Mabel D. (2025). Alon. Literature and Society: Stories and Poetry. DOI: 10.64591/1geed451*
***COPYRIGHT***
*Copyright © 2025 by author(s). Literature and Society: Stories and Poetry is published by Harness Mind Publishing. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.*